# MISSION STREET EXCELSIOR SAFETY PROJECT

SFMTA.COM/MissionExcelsior

**Vision Zero High Injury Network Map**




## Bakit Mission Street at Geneva Avenue?

Ang Mission Street at Geneva Avenue ay bahagi ng High Injury Network ng San Francisco, ang 12 porsyento ng mga kalye sa lungsod na may 70 porsyentong malubha at nakamamatay na banggaan ng mga sasakyan. **Sa nakaraang limang taon, tatlong miyembro ng komunidad ang namatay at 262 katao ang nasugatan sa mga banggaan ng sasakyan sa lugar ng proyekto.**

Ang Mission Street at Geneva Avenue ay magkasamang dinadaanan **ng walong linya ng Muni** sa lugar ng proyekto. Ang mga bus ang pinakamabagal na tumatakbo sa mga blokeng pangkomerso sa pagitan ng Brazil Ave at Persia Ave sa Mission Street, at Paris Street at Madrid Street sa Geneva Ave, **na may karaniwang bilis na mababa sa 5 mph**. Sa ibang lugar sa corridor, ang mga bus ay karaniwang tumatakbo sa pagitan ng 5 at 10 mph.

**Ang lugar ng proyekto ay may mahigit na 300 pamilihan na naglalabas ng $500K ng sales tax ng Lungsod**. Kabilang sa mga tinukoy na oportunidad para sa pangkomersong corridor ang pagpapalaki ng pampublikong espasyo para sa paglalakad at pagtitipon, at pangkalahatang paglilinis ng mga sidewalk at harapan ng mga tindahan.

## Ano ang mga layunin ng proyekto?

Ang Mission Street Excelsior Safety Project ay isang proyekto ng komunidad na magpopokus sa kaligtasan ng pedestriyan, pagkamaasahan ng Muni, at mga pagpapabuti sa negosyo. Ang proyekto ay gagawing mas ligtas at mas kaaya-aya ang paglalakad, pamimili, at paninirahan sa hanay ng Mission Street mula sa Geneva Avenue hanggang sa Alemany Boulevard at sa hanay ng Geneva Avenue mula sa Mission Street hanggang sa Moscow Street. Ang mga layunin ng proyekto ay upang:

- Paigtingin ang kaligtasan para sa lahat ng mga gumagamit ng corridor, lalo na sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at sumasakay ng transit
- Pagbutihin ang pagkamaaasahan ng transit sa karamihan sa mga ginagamit na ruta ng bus sa kapitbahayan.
- Pagbutihin ang distrito ng negosyo, upang maging mas kaaya-aya sa pamimili.



## Mga Pagpapabuti sa Loading

Habang nagsusumikap upang mapabuti ang mga pangkomersong corridor, kami ay makikipagpulong sa mga negosyo upang matutunan ang tungkol sa kanilang mga pangangailangan sa loading. Ang paggawa ng mga pagbabago ngayon sa loading ay tutulong sa amin sa mga permanenteng pagbabago sa mga kalye sa mas malaking proyekto. Ang SFMTA ay dedikado sa pagsasama-sama ng feedback at pagbubuo ng plano para sa komunidad ng negosyo ng Excelsior.

## Timeline ng Proyekto

- Fall 2018 - Nagpapatuloy: Outreach at pagpaplano para sa mga pagpapabuti ng mga kalye
- Huling bahagi ng 2018: Pagsusuri ng publiko sa konseptong disenyo
- Spring 2019: Pagpipino ng proyekto
- Huling bahagi ng 2019: Mga pagpapabuting ipiprisinta sa Lupon ng SFMTA

Magkakaroon ng pagpapatuloy sa outreach at mga oportunidad upang magkaloob ng input sa proyekto kapag ang disenyo para sa mga pangmatagalang pagbabago ay iminungkahi.

Maaari mong dagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa mga pangmatagalang pagbabago sa website ng proyekto: **sfmta.com/MissionExcelsior**

Maaaring ipadala ang mga tanong at komento sa **nick.smith@sfmta.com**